Mensahe Apat

Mga Tagapagmana ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Gal. 3:29; 4:7; Roma 8:17; Efe. 1:18; Tito 3:7

I. Ang isang tagapagmana ay isang taong legal na binigyang-karapatan na magmana ng pag-aari, mga ari-arian, o titulo ng isa pang tao sa pagkamatay nito.

II. Ang literal na kahulugan ng *tagapagmana* ay "isang tao na itinalaga upang tumanggap ng mana."

III. Ang mga mananampalataya ay nagiging mga tagapagmana:

A. Yamang tayo ay napapabago sa pamamagitan ng pagsisilang na muli upang matanggap ang dibinong esensiya, tayo rin ay ginagawang mga tagapagmana ng Diyos, na kuwalipikadong magmana ng ari-arian ng Diyos Ama (Roma 4:14; 8:17; Gal. 3:29; 4:7), ayon sa pag-asa ng buhay na walang hanggan (Tito 3:7).

B. Ang buhay na walang hanggan, na ating katamasahan sa kapanahunang ito at ating pag-asa sa darating na kapanahunan, ay hindi lamang upang ating ipamuhay at tamasahin ang Diyos sa kapanahunang ito, bagkus gayundin ay upang ating manahin ang lahat ng kayamanan ng kung ano ang Diyos sa atin sa darating na kapanahunan at sa kawalang-hanggan; kaya, mayroon tayong pag-asa ng buhay na walang hanggan.

C. Ayon sa pag-asang ito, tayo ay ginagawang mga tagapagmana ng Diyos upang manahin ang lahat ng Kanyang kayamanan magpasawalang-hanggan.

IV. Sa Biblia, ang isang tagapagmana ay isa na may karapatang tumanggap ng pag-aari:

A. Ang isang tagapagmana ng Diyos ay isa na tumatanggap ng pangako o mana mula sa Diyos, ipinanganak tungo sa Kanyang pamilya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo.

B. Ang *mga tagapagmana ng Diyos* ay nangangahulugang pagmamana ng buhay na walang hanggan, ng kaharian ng Diyos, at ng mga espiritwal na pagpapala, kadalasang inilalarawan bilang pagiging mga kasamang tagapagmana ni Kristo.

C. Sa Biblia, ang isang tagapagmana ay isa na tumatanggap ng mana, karaniwang isang anak na lalaki o isang itinalagang kamag-anak na aangkin sa ari-arian, mga karapatan, at mga responsabilidad ng Ama.

D. Sa pang-espiritwal, tumutukoy ito sa mga mananampalataya na ipinanganak tungo sa pamilya ng Diyos na, bilang mga kasamang tagapagmana ni Kristo, ay tumatanggap ng mga pangako ng pagliligtas, buhay na walang hanggan, at kaharian ng Diyos.

V. Ang mga sumusunod na bersikulo ay mga susing bersikulo sa Biblia patungkol sa "mga tagapagmana ng Diyos":

A. "Kung mga anak, ay mga tagapagmana rin; sa isang panig, mga tagapagmana ng Diyos; sa kabilang panig, ay mga kasamang tagapagmana ni Kristo, kung tunay na nagdurusa tayong kasama Niya upang tayo ay maluwalhati ring kasama Niya"—Roma 8:17:

1. Ipinakikita nito na may kondisyon upang tayo ay maging mga tagapagmana.
2. Hindi tayo mga tagapagmana dahil lamang tayo ay mga anak ng Diyos.
3. Sa halip, pagkatapos maipanganak bilang mga anak, kailangan nating lumago sa buhay upang maging mga anak na lalaki, at pagkatapos ay kailangan nating dumaan sa pagdurusa upang tayo ay maluwalhati upang maging mga legal na tagapagmana.

B. "[Ikaw ay]…anak; at kung anak, tagapagmana rin sa pamamagitan ng Diyos"—Gal. 4:7:

1. Ang Bagong Tipang mananampalataya ay hindi na isang alipin sa mga gawain sa ilalim ng kautusan kundi isang anak sa buhay sa ilalim ng biyaya.
2. Ang mga Bagong Tipang mananampalataya ay nagiging mga tagapagmana ng Diyos hindi sa pamamagitan ng kautusan ni sa pamamagitan ng kanilang ama sa laman kundi sa pamamagitan ng Diyos, ng Tres-unong Diyos pa nga—ang Ama, na nagsugo sa Anak at sa

Espiritu (bb. 4, 6); ang Anak, na nagsakatuparan ng katubusan para sa pagkaanak (b. 5); at ang Espiritu, na nagsasagawa ng pagkaanak sa loob natin (b. 6).

C. "Kung kayo ay kay Kristo, samakatwid kayo ay binhi ni Abraham, mga tagapagmana ayon sa pangako"—3:29:
   1. Upang maging binhi ni Abraham, tayo ay kailangang mula kay Kristo, maging bahagi ni Kristo.
   2. Dahil tayo ay kaisa ni Kristo, tayo ay binhi ni Abraham, mga tagapagmana ayon sa pangako, minamana ang ipinangakong pagpapala ng Diyos, na siyang nagpapaloob ng lahat na Espiritu bilang sukdulang kaganapan ng naprosesong Diyos, na ating bahagi.
   3. Sa ilalim ng bagong testamento, ang mga mananampalataya bilang piniling bayan ng Diyos, na mga anak na lubos na gumulang, ay mga gayong tagapagmana, hindi sa ilalim ng kautusan kundi sa loob ni Kristo.

VI. Isaalang-alang natin ngayon ang katayuan ng mga mananampalataya bilang mga tagapagpamana ng Diyos:

A. Si Kristo ang Tagapagmana ng lahat ng bagay (Heb. 1:2) at ang mga mananampalataya ay itinalaga na maging mga kasamang tagapagmana ni Kristo.

B. Pagkatapos maligtas, tayo ay mga anak ng Diyos, mga anak na lalaki ng Diyos, mga nakikibahagi sa dibinong kalikasan, at mga tagapagmana ng Diyos.

C. Kapag narating natin ang yugto ng paglago ng pagiging mga kasamang tagapagmana ni Kristo, tayo ay maluluwalhati.

D. "Upang yamang inaring-matuwid na sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, tayo ay maging mga tagapagmana ayon sa pag-asa ng buhay na walang hanggan"—Tito 3:7:
   1. Ang *mga tagapagmana* sa Tito 3:7 ay tumutukoy hindi lamang sa mga anak bagkus sa mga tagapagmana na kuwalipikadong magmana ng ari-arian ng Ama—Roma 4:14; 8:17; Gal. 3:29; 4:7.
   2. Ang gayong mga tagapagmana ay ipinanganak (Juan 1:12-13) ng buhay na walang hanggan ng Diyos (3:16).

E. Ang mga mananampalataya ay naging mga tagapagmana ng Diyos sa pamamagitan ng pagkasilang na muli sa pagkabuhay na muli ni Kristo—11:25:
   1. Nang si Kristo ay nabuhay na muli, tayo, ang Kanyang mga mananampalataya, ay kabilang lahat sa Kanya; kaya, tayo ay nabuhay na muling kalakip Niya—Efe. 2:6.
   2. Sa Kanyang pagkabuhay na muli, ipinamahagi Niya ang dibinong buhay tungo sa loob natin at ginawa tayong katulad Niya sa buhay at kalikasan.
   3. Ito ang pangunahing salik ng ating pagkasilang na muli upang maging mga tagapagmana ng Diyos.

F. Sa kanilang katayuan bilang mga tagapagmana ng Diyos, ang mga mananampalataya ay nakikibahagi kasama ng lahat ng banal sa liwanag sa Tres-unong Diyos na naisakatawan kay Kristo bilang kanilang bahagi—Col. 1:12.

G. Ang Mga Gawa 26:18 ay nagsasalita hinggil sa kapatawaran ng mga kasalanan at isang mana sa gitna niyaong mga napabanal sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo.

H. Ang dibinong manang ito ay ang Tres-unong Diyos kalakip ang lahat ng taglay Niya, lahat ng ginawa Niya, at lahat ng gagawin Niya para sa Kanyang tinubos na bayan.

I. Bilang mga tagapagmana ng Diyos, ang mga mananampalataya ay maluluwalhati ring kasama ni Kristo—Roma 8:17b:
   1. Si Kristo ngayon ay nasa kaluwalhatian.
   2. Sa kalaunan, tayo ay madadala tungo sa kaluwalhatian at maluluwalhating kasama ni Kristo.
   3. Kapag tayo ay naluwalhati, ang katawan ng ating pagkamababa ay mababagong-anyo tungo sa isang maluwalhating katawan—Fil. 3:21.
   4. Ang buhay na mayroon tayo sa loob natin bilang binhi ay buhay ng kaluwalhatian; ito ay si Kristo na nasa loob natin, ang pag-asa ng kaluwalhatian—Col. 1:27.

5. Kapag tayo ay nalaganapan at natigmakan na ng elemento ng kaluwalhatian, ang kaluwalhatiang iyon ay lalabas mula sa atin; ito ang ibig sabihin para sa atin, na mga tagapagmana ng Diyos, na maluwalhating kasama ni Kristo.

J. Ang pagtatamasa ng mga mananampalataya sa dibinong mana ay mapasusukdol sa pagiging ginawang mana ng Diyos—Efe 1:18:
   1. Bilang mga tagapagmana ng Diyos, ang mga mananampalataya ay mga kasamang tagapagmana ni Kristo ayon sa pangako at pag-asa ng buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng pag-aaring-matuwid sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo at pagkasilang na muli sa pagkabuhay na muli ni Kristo.
   2. Ipinahihiwatig ng Efeso 1:18 na ang mana ng Diyos ay nasa mga banal.
   3. Bilang yaong mga mana ng Diyos, tayo ay tinatakan na ng Espiritu Santo—b. 13.

K. Nagpapasalamat tayo sa Panginoon sa pagdadala sa atin nang malalim sa katotohanan hinggil sa mga mananampalataya bilang mga tagapagmana ng Diyos.

© 2026 Living Stream Ministry